**Hulyo 27, 2026**

*Mahalagang paunawa mula sa Department of Developmental Services (Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad) tungkol sa:*

# Gabay sa Reporma sa Rate: Mga Modelo ng Rate ng Labis na Milyahe

D-2025-Reporma sa Rate-007REV

## Ano ang Dapat Malaman

Ang direktiba na ito ay nagbibigay ng mga detalye tungkol sa mga pagbabago sa pagbabayad para sa mga tagapagbigay ng pangangalaga. Saklaw nito ang mga serbisyong tulad ng ***personal na tulong, mga serbisyo sa pag-uugali, suportadong pamumuhay,*** pangangalaga sa pahinga, espesyal na therapy, mga programa sa maagang pagsisimula, pag-unlad ng sanggol, at suportadong trabaho – indibidwal ***at grupo.*** Ang mga tagapagbigay ng serbisyo na ito ay naglalakbay ng malalayong distansya upang tulungan ang mga taong nakatira sa mga lugar na kanayunan (rural).

## Ano ang Magbabago

Simula Nobyembre 1, 2025, ang mga tagapagbigay ng serbisyo na nakalista sa itaas na naglalakbay ng mas maraming milya kaysa sa karaniwan na ipinapalagay sa mga modelo ng rate ay maaaring makatanggap ng karagdagang bayad upang mabawi ang kanilang mga gastos. Ang mga sentrong pang-rehiyon ay bibigyan ng worksheet upang matulungan ang mga tagapagbigay na kalkulahin ang milya at naaangkop na mga pagbabayad. Nagdaragdag ang rebisyong ito ng metodolohiya ng subcode para sa suportadong trabaho – indibidwal (**service code** 952) ***at grupo (950), personal na tulong (062), mga serbisyo sa pag-uugali (605, 612, 613, 615, 616, 620), at mga serbisyo sa suportadong pamumuhay (896). Ang mga karagdagang service code na inaprubahan sa hinaharap ay matatagpuan sa mga file na Rates Only dito.***

## May mga katanungan?

Ang mga tagapagbigay ng serbisyo na may mga katanungan ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang nagbe-vendor na sentrong pangrehiyon. Dapat mag-email ang mga sentrong pangrehiyon ng mga tanong sa ratesquestions@dds.ca.gov.

## Matuto Pa

Para matuto nang higit pa tungkol sa reporma sa singil, bisitahin ang Rate Reform na webpage ng Departamento. (www.dds.ca.gov/rc/vendor-provider/rate-reform)